Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

February 17, 1987

**MEMORANDUM PANGMINISTRI**
**Blg. 32, s. 1987**

PAMBANSANG SEMINAR SA PAGTUTURO NG PANITIKANG
PILIPINO SA PILIPINO

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Pampaaralang Paaralan
Mga Pinuno ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasan

1. Ang Pambansang Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino sa dalubhasaan ay sa pagtataguyod ng Graduate School of Education, Arts, and Sciences (GSEAS) ng De la Salle University (DLSU), sa pakikipag-ugnayan sa Association of Philippine Colleges of Arts and Sciences (APCAS) at sa Surian ng Wikang Pambansa (SWP). Gaganapin ito sa Pablo Nicolas Auditorium, DLSU, Taft Avenue, Manila, Abril 22-24, 1987.

2. Paksa ng Seminar: "Ang Pagtuturo ng Panitikang Pilipino Sa Dalubhasaan: Nilalaman at Pamamaraan."

Larawan ng Kurso: Introduksiyon ng mga teoriya at pamamaraan sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino na kapwa binibigyan ng diin ang nilalaman ng kurso at ang mga pamamaraan na lilinangin sa pagtuturo nito.

3. Pagkatapos ng seminar na ito, inaasahang ang mga dadalo ay:

a. maunawaan ang iba't ibang mga uri, tema, tunguhin, tradisyon, at panahon ng panitikang Pilipino;

b. maliliwanagan tungkol sa pagkakahawig at pagkakaiba ng mga akdang pampanitikan na nasusulat sa iba't ibang inang wika na tulad ng Tagalog, Ingles, Kastila, Bikol, Sebuano, Hiligaynon, Ilokano, Kapampangan, Maranao, Pangasinan, Waray, atbp.;

k. maintindihan ang papel ng iba't ibang mga wikang pampanitikan, lalung-lalo na ang hindi karaniwang pinag-uukulan ng pansin ng ating mga dalubhasa, tulad ng Intsik, Ilongot, Isinay, Ivatan, Mangyan, Manobo, Mansaka, Samal, Tausug, Tinguian, atbp.; at

d. magkakaroon ng haka-haka tungkol sa kung ano ang nilalaman ng panitikang pambansa ng Pilipinas.

e. Magkakaroon ng karanasan sa paggamit ng iba't ibang mga pamamaraan ng pagtuturo ng panitikang Pilipino, tulad ng panayam, diskusyon, malikhaing pagsusulat, "field trip", paggamit ng pelikula't videotape, atbp.; at

g. Makagagawa ng isang planong pagtuturo para sa isang simestre ng Pilipino Two o ikalawang kurso sa Pilipino sa ating mga talakayan.

4. Inaanyayahang dumalo sa seminar na ito ang mga propesor sa Filipino at mga tagapagtaguyod sa pagpapalaganap ng panitikang Pilipino.

5. Sertipiko: Magkakaloob ng sertipiko ng pagdalo sa kapwa estudyante ng M.A./D.A. at sa Tagamasid (Observer).

6. Manggagaling sa pondong lokal (ng rehiyon, dibisyon) na sasailalim ng pagtitipid at pag-aawdit, o sariling gastos ng kinatawan, ang halaga para sa mirindal, materyales, paggamit ng aklatan ng pamantasan, atbp.

Halaga ng Pambansang Seminar:

| | | |
|---|---|---|
| Para sa Mag-aaral, MA/D.A. | - | 1300.00 |
| Tagapagmasid (Observer) | - | 400.00 |

7. Inaasahang palaganapin o ipamamalita ng mga kinauukulan ang impormasyong ito tungo sa matagumpay na katuparan ng naturang seminar.

(LGD.) LOURDES R. QUISUMBING
Minister

Sanggunian:
Wala

Pamamahagi: 1-3-4--(M.C. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

- COMMUNICATION ARTS
- Course of Study, COLLEGIATE
- LANGUAGE
- OFFICIALS
- SEMINAR
- SOCIETY or ASSOCIATIONS